# Lumabas si Muāwiyah-malugod si Allah sa kanya-mula sa isang halaqah sa loob ng Masjid? Nagsabi sila:Ano ang dahilan ng pag-upo ninyo rito?Nagpupulong kami upang alalahanin si Allah

Ayon kay Abē Saīd Al-Khudrī-malugod si Allah sa kanya-siya ay nagsabi: Lumabas si Muāwiyah-malugod si Allah sa kanya-mula sa isang halaqah sa loob ng Masjid? Nagsabi sila:Ano ang dahilan ng pag-upo ninyo rito?Nagpupulong kami upang alalahanin si Allah.Nagsabi siya:Sumpa sa Allah, na walang ibang dahilan ng pag-upo ninyo maliban rito?Nagsabi sila: Walang ibang dahilan ng pag-upo namin maliban rito.Nagsabi siya:Para sa akin, Hindi ko kayo pinapanumpa dahil sa nagdududa ako sa inyo,At wala sa sinuman, sa kinalalagyan ko para sa Sugo ni Allah -pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang may pinakamadalang na pakikipag-usap sa kanya-Tunay na ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay lumabas din sa isang halaqah mula sa kanyang mga kasamahan,Nagsabi siya:(( Ano ang dahilan ng pag-upo ninyo))Nagsabi sila:(( Umupo kami upang alalahanin si Allah,At Purihin Siya dahil sa pagpatnubay Niya sa amin sa Islam; at [ipinagkaloob] Niya sa amin ang mga biyaya dahil rito,Nagsabi siya: Sumpa sa Allah na walang ibang dahilan ng pag-upo ninyo maliban rito?)) Nagsabi sila: Sumpa sa Allah, walang ibang dahilan ng pag-upo namin maliban rito:(( Para sa akin : Hindi ko kayo pinapanumpa dahil sa nagdududa ako sa inyo,Subalit dumating sa akin si Jibrēl at sinabi Niya sa akin na si Allah ay ipinagmamalaki Niya kayo sa kanyang mga Anghel.))

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ang Hadith na ito ay kabilang sa mga Hadith na tumutukoy sa kainaman ng pagpupulong sa pag-aalaala kay Allah-Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan-at ito ah ang naiulat ni Abū Saīd Al-khudrī-mula kay Muāwiyah-malugod si Allah sa kanilang dalawa-Na siya ay lumabas sa isang halaqah sa loob ng Masjid,Nagtanong siya sa kanila,kung ano ang dahilan ng pagpupulong nila?Sumagot sila: Nag-aalaala kami sa Allah,Pinapanumpa niya sila-malugod si Allah sa kanya-na wala silang ibang ninanais sa pag-upo at pagpupulong nila maliban sa pag-aalaala.at nanumpa sila sa kanya,Pagkatapos ay Sinabi Niya sa kanila: Na hindi ko kayo pinapanumpa dahil sa nagdududa ako sa inyo at nag-aalinlangan ako sa katapatan ninyo.Subalit nakita ko ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na lumabas mula sa mga tao,at binanggit niya ang tulad nito,At Sinabi niya na si Allah ay ipinagmamalaki Niya sila sa kanyang mga Anghel,Sinasabi Niya, halimbawa: Tingnan ninyo ang aking mga lingkod, nagpupulong sila sa pag-aalaala sa Akin,at ang mga katulad pa nito na mayroong pagmamalaki.Ngunit tulad ng nakasanayan natin,hindi ito ang pagpupulong, na nagpupulong

sa pag-aalaala sa Allah, sa isang boses, Ngunit nag -aalaala sila sa kahit na Anong bagay na pag-aalaala sa Allah-Pagkataas-taas Niya-mula sa pangangaral,at pag-aalaala, o Nagpapaalalahanan sila sa mga biyaya ni Allah sa kanila, mga biyayang ipinagkaloob sa kanilan mula sa biyaya ng [pagpatnubay sa kanila] sa Islam, at mabuting pangangatawan,at katiwasayan.at ang mga iba pang tulad nito.Dahil ang pag-aalaala sa mga biyaya ni Allah at kabilang sa pag-aalaala sa Allah-Kamahal-makakan Siya at Kapita-pitagan-Kaya ito ay magiging patunay sa kainaman ng pag-upo ng mga tao, upang ipaalala nila sa bawat isa ang mga biyayang ipinagkaloob sa kanila ni Allah.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3007

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee